



National Alliance for Filipino Concerns

10 Tanong na Madalas na Itanong Ukol sa Reporma sa Imigrasyon

1. Ano ang nangyayari sa kasalukuyan sa reporma sa imigrasyon, at bakit ito ay importante sa mga Pilipino?

Kasalukuyang pinaguusapan ng gobyerno ng Estados Unidos kung paano ayusin ang imigrasyon sa bansa. Nakasalang ngayon ang isang panukalang batas, S.744, upang ipatupad ang comprehensive immigration reform (CIR) o komprehensibong reporma sa imigrasyon. Maapektuhan ng S.744 ang buhay ng bawat tao sa Estados Unidos at ang mga milyon na tao sa buong mundo sa mga darating na dekada.



2. Ano nga ba ang S.744, ang saligang batas ng Senado para sa Comprehensive Immigration Reform o ang Komprehensibong Reporma sa Imigrasyon?

Marami ang naniniwala at nangangarap na ang S.744 ay magbibigay ng agarang lunas sa 11 milyon na imigrante na walang papel sa Estados Unidos kung saan 1 milyon ay mga Pilipino at upang makasama nila ang kanilang mga pamilya. Ngunit sa kasalukuyan, ito ay isang panukala na magpapahigpit sa pagpapatupad ng mga batas sa imigrasyon, maglilikha ng paraan upang maging citizen ng Estados Unidos ang mga iilang mga imigrante na walang papel, at nagbabanta na pawalang bisa ang pagpepetisyon ng mga kapatid.

3. Paano maaapektuhan ng S.744 ang mga imigrante?

Sa mga imigrante na walang papel, ang S.744 ay lilikha ng masalimuot na paraan para maging citizen ang mga imigrante na walang papel. Ang ilang probisyon ng S.744 ay ang pagbabayad ng \$2,000 at lahat ng mga buwis na hindi pa nabayaran, at ang pagtratrabaho ng tuloy-tuloy sa 6 anim na taon. Ang mga hindi na makakagawa ng mga ito ay sasailalim sa paglilitis na may kaparusahan na deportasyon. Tatanggalin rin ng S.744 ang kakayahan ng mga citizen na petisyunin ang kanilang mga kapatid pagkatapos ng 18 buwan mula sa pag-aaproba ng S.744. Ipagpapatuloy rin nito ang hindi pantaong pagtrato sa mga imigrante bilang mga kriminal, mga imigrante na ang gusto lamang ay suportahan ang kanilang mga sarili at kanilang mga pamilya.

4. Kailangan ko bang mabahala kung ako ay isang citizen?

Oo, lahat tayo ay maapektuhan ng S.744. Kung ito ay mapasa, lilikha ang gobyerno ng Estados Unidos ng isang pambansang sistema na magbibigay ng “biometric ID” sa lahat nga mga tao sa bansa. 46 bilyon ng ating mga buwis na dolyar ay gagamitin sa pagpapatupad ng mga batas sa imigrasyon. Ito ay pera na dapat sana ay gamitin ng gobyerno para sa edukasyon, trabaho, kalusugan, serbisyo at iba pa nating pangangailangan.

5. Mayroon bang anumang bagay na maganda sa S.744?

Dahil sa mga taon-taon na edukasyon at pag-oorganisa, ang S.744 ay mayroong mga probisyon na ang huwarin ay pabutihin ang mga buhay nga mga imigrante at kanilang mga pamilya. Ang mga probisyon na ito ay ang pagsama ng DREAM Act, ang pag-clear ng visa backlog, at ng paglilikha ng paraan upang maging mga citizen ang mga iilang imigrante na walang papel.

6. Ano ang timeline para sa S.744?

Noong Hunyo, pinasa ng Senado ng Estados Unidos ang kanyang bersyon ng S.744. Hinihintay natin ngayon na pag-usapan at aprobahan ng mga kongresista ang S.744. Ito ay maari mangyari anumang araw mula Setyembre (lahat ng mga probisyon ay kailangan aprobahan ng mga senador at kongresista ng Estados Unidos bago ito ipasa sa Presidente para pirmahan). Ang buwan ng Agosto ay napakaimportanteng buwan dahil ito ay buwan bago magdesisyun ang mga kongresista sa S.744. Sa buwan na ito rin ay pupunta ang mga kongresista sa kanilang mga lokalidad; magkakaroon tayo ng pagkakataon na bisitahin sila!

7. Anong kailangan gawin ng ating komunidad para protektahan ang ating mga sarili?

Ang pinakaimportanteng bagay na dapat gawin ng ating komunidad ay ang magbigay edukasyon, magsama-sama, at ang mag-organisa. Kung papasa ang S.744, ang mga tao na kwalipikado para sa mga benepisyo at sa mga tao na hindi rin ay mangangailangan ng isang komunidad na may sapat na kaalaman upang magbigay suporta at proteksyon. Kung hindi papasa ang S.744 sa taong ito, ang ating komunidad ay kailangan mas maging matibay at mas mag-organisa para maipagpatuloy natin ang pagtutulak ng mga bagay na makakabuti para sa atin. Hindi dapat tayo mabahala kung dapat ba natin suportahan ang S.744 o hindi; magiging dahilan lang nito ang hindi pagkakaintindihan at pagkawatak-watak ng ating komunidad. Lahat ng mga saligang batas na may pagkakataon na makapasa ay mayroong mga probisyon na hindi katanggap-tanggap. Kaya naman ang ating komunidad ay kailangan maging mas matibay upang lumaban para sa pagkakaroon ng mas magandang batas.

8. Ano ang dapat kong gawin?

Para sa mga imigrante na mga legal at mga walang papel, importante na ibahagi natin ang ating mga istorya para ipakita na ang lahat ng mga imigrante ay dapat pahalagahan, at karapat-dapat iginalang at ipagtanggol. Dapat tayo sumali sa mga organisasyon sa ilalim ng NAFCON at iba pang mga organisasyon mula sa mga komunidad ng imigrante sa buong bansa upang tulungan mag-aral at mag-organisa ang ating mga komunidad. Dapat rin tayong makipag-ugnay sa ating mga kongresista at humingi ng isang tunay na komprehensibong reporma sa imigrasyon na inuuna ang mga manggagawa at pagpapanatili ng mga pamilya, at hindi ang mga malalaking negosyo.

9. Ano pa ba ang dapat kong malaman?

Ang reporma sa imigrasyon ay isang parte lamang ng mas malaking pagbabago na kinakailangan mangyari. Ang kahirapan sa Pilipinas at sa buong mundo ay nagpawepwersa sa mga tao na umalis na kanilang mga bansa at makaranas ng hindi magandang mga kondisyon sa trabaho. Tayo ay kailangan magtulungan para masolusyonan ang mga ugat ng kahirapan at ng sapilitang migrasyon ng mga tao.

10. Saan ako pwede kumuha ng mga karagdagang impormasyon?

Maraming mga videos, mga larawan at iba pa na matatagpuan sa nafconusa.tumblr.com at sa www.nafconusa.org. Pwede mo rin kontakin si Jun Cruz, NAFCON Public Information Officer. Tawagan siya sa 415.33.6267 o email sa info@nafconusa.org. Pwedeng sagutin ni Jun ang iyong mga katanungan at ipasa kayo sa mga kinatawan ng NAFCON sa inyong mga lugar.